# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 4
## Modyul Blg. 20
## Susi sa pag-unlad

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Ano ang pangarap mo sa buhay? Paano mo makakamit ang minimithing pag-unlad? Ang kasagutan sa mga katanungang ito ay ikaw lamang ang makasasagot. Nasa iyong mga kamay ang katuparan nito.

Ang mga gawaing inihanda sa pangwakas na modyul na ito ay naglalayong maging malinaw ang mga kakailanganin mong kaalaman, kasanayan at pagpapahalagang magiging susi sa iyong pag-unlad.

Tulad ng mga naging matagumpay na tao na nag-iwan ng kahanga-hangang tatak sa puso't isipan ng sangkatauhan, hangad kong makamit mo ang pag-unlad: pag-unlad hindi lamang sa materyal na aspeto kundi sa aspetong panlipunan, moral at ispiritwal.

Inaasahan kong malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

Nasusuri ang mga gawaing magbibigay daan sa pagkakamit ng maunlad na kinabukasan (4.8)

A. Nasusuri ang mga gawaing makatutulong sa pagkakamit ng maunlad na bukas
B. Natutukoy ang mga pagpapahalagang dapat linanging kaakibat ng mga gawaing ito
C. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng makabuluhang gawain

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Ang pagkakamit ng mga mithiin sa buhay ay nakasalalay sa ating mga kamay sapagkat pinagkalooban tayo ng Diyos ng:

    a. dignidad.
    b. kalusugan.
    c. kalayaan.
    d. kapayapaan.

2. Isa sa pangunahing katangian ng makabuluhang gawain ang pagsasaalang-alang ng:
    a. kabutihang idudulot sa kapwa.
    b. produktibong paggamit ng oras
    c. bilang ng trabahong matatapos
    d. magandang sasabihin ng mga pinuno.

3. Ang kasipagan ay isang pagpapahalagang makatutulong sa pagkakamit ng kaunlaran. Tumutukoy ito sa:

    a. walang sawang paggawa sa araw-araw.
    b. pagtitiis ng hirap.
    c. katatagan ng loob sa harap ng mga pagsubok.
    d. matalinong paggamit ng likas-yaman.

4. Isa sa katangian ng mga mauunlad na tao ang determinasyong makamit ang kanilang mga pangarap. Ang determinasyon ay saklaw ng *cardinal virtue* na:

    *a. justice*
    *b. temperance*
    *c. prudence*
    *d. fortitude*

5. Mahalagang sa murang edad pa lamang ay masanay na ang isang bata sa mga gawaing makatutulong sa kanyang pag-unlad. Ang pagkakaroon ng mabuting gawi ay tinatawag na:

    *a. attitude*
    *b. habit*
    *c. value*
    *d. virtue*

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

May hinahangan ka bang isang taong naging matagumpay sa buhay? Anu-ano ang mga gawaing nagbigay daan sa kanyang pag-unlad?

| Taong naging maunlad sa buhay | Katangian at pagpapahalagang taglay | Mga gawaing nagbigay-daan sa kanyang pag-unlad |
|---|---|---|
| | | |

## Sagutin Mo


1. Ano ang mga pagpapahalagang taglay ng mga taong naging matagumpay sa buhay?
2. Ano ang batayan mo upang ituring na matagumpay at maunlad ang isang tao?
3. Bakit nagbibigay-daan ang makabuluhang mga gawain sa pagkakamit ng magandang bukas?


## Gawain Blg. 2


Anu-ano ang mga gawain at pagpapahalagang magsisilbing susi upang makamit mo ang magandang bukas? Isulat mo ang iyong sagot sa kaukulang espasyo.

Gawain

Halimbawa:
- ❖ Paggawa ng takdang aralin________







Pagpapahalaga

- ❖ Disiplina sa sarili
- ❖ Tiyaga________

1. Paano makatutulong ang mga iilista mong gawain sa pagkakamit ng iyong pag-unlad?
2. Bakit mahalagang isabuhay at paunlaring kaakibat ng mga gawain ang mga pagpapahalagang iyong isinulat?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Ano ang mahalagang konseptong natutuhan mo sa mga gawaing handog ng modyul na ito? Gamitin mong gabay ang mga salita sa loob ng kahon sa pagbuo mo ng konsepto.

| | |
|---|---|
| Makabuluhang gawain | Maunlad |
| Magbibigay-daan | Kinabukasan |

Konsepto ________________

_________________________

_________________________

_________________________

_________________________

_________________________

_________________________



## V. Pagpapatibay

Ang katuparan ng ating mga pangarap ay nakasalalay sa ating matalinong pagpili ng mga gawain. Sa tulong ng talino at kalayaang handog ng Diyos sa atin, makakamit natin ang isang magandang bukas. Subalit hindi ito madali. Kinakailangan pa tayong magsikap at dumaan sa maraming pagsubok. Hindi lahat ng gawain ay aakay sa atin sa magandang bukas. Dahil dito, mahalagang suriin kung alin ba sa mga ito ang lilinang sa ating talino at alin ang makapagdudulot ng kabutihang panlahat.


Sa kasalukuyan, nakalulungkot na ang ginagamit na batayan ng nakararami sa pag-unlad ay ang dami ng pera o yamang nalikom ng isang tao, ang popularidad at ang kapangyarihan. Subalit ito nga ba ang tunay na kahulugan ng pag-unlad at magandang kinabukasan?

Bagaman hindi mapasusubaliang kailangan natin ang pera upang mabuhay at natutugunan nito ang marami sa ating mga pangunahing pangangailangan, dapat tayong mag-ingat upang hindi mapokus ang atensyon sa mga gawaing puro pera na lamang ang layon. Kapag materyal na bagay lamang ang ating oryentasyon ukol sa pag-unlad , maaaring masangkot tayo sa mga gawaing nagdudulot nga ng materyal na kasaganahan subalit masama naman.

Dito kailangan ang matalinong pagsusuri sa mga gawaing ating isasakatuparan. Maaaring mahirap. Maaaring maliit ang kita subalit kung ang inihahandog naman nito ay kabutihang panlahat, talo pa nito ang kumikita nang malaki sa masamang paraan.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Masdan mong mabuti ang larawan. Ano ang ibig ipahiwatig nito? Anu-ano ang mga gawaing magsisilbing susi mo upang makamit ang pag-unlad? Isulat mo ang sagot sa loob ng espasyong nakalaan para dito.




______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## VII. Gaano Ka Natuto?

Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Ang pagkakamit ng mga mithiin sa buhay ay nakasalalay sa ating mga kamay sapagkat pinagkalooban tayo ng Diyos ng:

   a. dignidad.
   b. kalusugan.
   c. kalayaan.
   d. kapayapaan.

2. Isa sa pangunahing katangian ng makabuluhang gawain ang pagsasaalang-alang ng:

   a. kabutihang idudulot sa kapwa.
   b. produktibong paggamit ng oras
   c. bilang ng trabahong matatapos
   d. magandang sasabihin ng mga pinuno.

3. Ang kasipagan ay isang pagpapahalagang makatutulong sa pagkakamit ng kaunlaran. Tumutukoy ito sa:

   a. walang sawang paggawa sa araw-araw.
   b. pagtitiis ng hirap.
   c. katatagan ng loob sa harap ng mga pagsubok.
   d. matalinong paggamit ng likas-yaman.

4. Isa sa katangian ng mga mauunlad na tao ang determinasyong makamit ang kanilang mga pangarap. Ang determinasyon ay saklaw ng *cardinal virtue* na:

   a. *justice*
   b. *temperance*
   c. *prudence*
   d. *fortitude*

5. Mahalagang sa murang edad pa lamang ay masanay na ang isang bata sa mga gawaing makatutulong sa kanyang pag-unlad. Ang pagkakaroon ng mabuting gawi ay tinatawag na:

   a. *attitude*
   b. *habit*
   c. *value*
   d. *virtue*

## VIII. Mga Sanggunian

De Torre, Joseph M. *Roots of Society*. Manila:Sinag-Tala Publishers, Inc. 1977.

Esteban, Esther J. *Education in Values. What, Why & for Whom.* Manila: Sinag-Tala Publishers. 1990

Warren, Rick *The Purpose Driven Life .* Mandaluyong City: OMF Literature Inc. 2002

Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. c
2. a
3. a
4. d
5. d

Gaano Ka Natuto?

1. c
2. a
3. a
4. d
5. d